Mga Magulang/Tagapangalaga:

Sa miting ng Supervision Team (the Board) noong February 25, 2009, naaprubahan ang mungkahi ng pagpapatupad ng pangkalahatang pamantayan sa pananamit o common dress code para sa mga paaralang elementarya ng Toronto Catholic schools simula sa September 2011. Balak ng Toronto Catholic District School Board na baguhin ang *Dresss Code for Pupils Policy S.S07* kasabay ng implementasyon ng *Appropriate Dress Code* para sa lahat ng paaralang elementarya sa September 2011.

Ang "Appropriate Dress Code" ay nagsasali ng anumang kombinasyon ng damit sa kulay puti at asul/navy blue (gaya ng plain white na pang-itaas, navy blue na pang-ibaba o, navy blue top at bottom, walang denim). Maraming pagpipilian at may pleksibilidad para sa inyo at sa inyong mga anak ang ganitong uri ng pamantayan sa pananamit. Maaari kayong bumili ng iba't ibang istilo ng pananamit sa nais ninyong tindahan o manininda. Ang ilang pamantayan sa pananamit ay maaaring pagpasyahan sa inyong lokal na paaralang kumunidad.

Maraming mga benepisyo sa bagong pamantayan ng pananamit at ilan dito ay ang dagdag na kaligtasan sa mga estudyante, ang pagtaguyod ng identidad ng paaralan, at ang pagpapatibay ng sentido-kumunidad sa loob ng paaralan. Sa kasalukuyan, halos 1/3 ng paaralang elementarya sa Toronto Catholic District School Board (TCDSB) ay mayroong "Appropriate" or "Uniform" Dress Code. Ang pagkilos patungo sa pangkalahatang (board-wide) pamantayan sa pananamit sa buong Board ay magbubuklod sa mga paaralang elementarya at magbibigay ng konsistensiya sa ating mga paaralang sekundarya. Mayroon nang ilang paaralang elementarya na ipinatupad ang bagong pamantayan sa pananamit nitong September 2009. Walang hinihiling na pagbabago para sa 49 na paaralan na kasalukuyang may Appropriate or Uniform Dress Code.

Nakalakip ang isang polyeto na nagtataglay ng mga karaniwang mga tanong at sagot tungkol sa bagong pamantayan sa pananamit para sa mga paaralang elementarya. Magkakaroon ng maraming oportunidad sa inyo upang makapagtalakay, lalong maintindihan ang pamantayan at makatulong sa pagpaplano kung papaano ito maisusulong sa ating paaralan. Sa ating susunod na CSAC meeting, uumpisahan natin ang prosesong ito. Inaanyayahan kayong dumalo sa miting sa _____. Ang inyong pananaw at partisipasyon sa mga diskusyon at plano para sa pagsasagawa ng pamantayan sa pananamit ay mahalaga sa amin. Hinihikayat namin kayo na makisali sa miting na ito at sa iba pang mga pagpupulong. Kinikilala namin na ito'y bagong punyagi. Ang oras o takdang panahon ay nagbibigay ng sapat na oportunidad para sa ating komunidad na tanggapin ang bagong inisyatibang ito at sama-samang gawin ang proseso. Patuloy namin kayong bibigyan ng impormasyon sa ating progreso.

Salamat sa inyong kooperasyon at suporta sa ating pagsulong sa inisyatibang ito.

Gumagalang,

(Name)
Principal